Ligal na mga Karapatan at Proteksyon sa Ilalim ng SCRA

Ang mga miyembro ng serbisyo sa "aktibong tungkulin" o "aktibong serbisyo," o asawa o dependent sa naturang miyembro ng serbisyo ay maaaring maging may karapatan sa tiyak na ligal na mga proteksyon at kaluwagan sa utang alinsunod sa Batas ng Sibil na Kaluwagan ng mga Miyembro ng Serbisyo (50 USC §§ 39014043) (SCRA) .

Sino ang Magiging May Karapatan sa Ligal na mga Proteksyon sa Ilalim ng SCRA?

- Regular na mga miyembro ng Sandatahang Lakas ng U.S. (Army, Navy, Air Force Marine Corps and Coast Guard).
- Tauhan ng Reserve at National Guard na na-activate at sa Pederal na aktibong tungkulin
- Tauhan ng National Guard sa ilalim ng call o utos sa aktibo tungkulin (order to active duty) ng mas mahigit sa 30 magkakasunod araw sa ilalim ng seksyon 502(f) ng title 32, Code ng Estados Unidos, para sa mga layunin ng pagtugon sa isang pambansang emerhensya na idineklara ng Pangulo at suportado ng mga Pederal na pondo
- Aktibo sa serbisyong mga miyembro ng commissioned corps ng Pampublikong Serbisyo sa Kalusugan (Public Health Service) at Pangasiwaan ng Pambansang Karagatan at Atmospera (National Oceanic and Atmospheric Administration).
- Ilang mga mamamayan ng Estados Unidos na naglilingkod sa sandatahang lakas (armed forces) ng isang bansa kung saan kaalyado ang Estados Unidos sa pag-uusig ng isang digmaan o aksyong militar.

Anong Mga Ligal Na Proteksyon Ang Karapat-dapat Sa Mga Miyembro ng Serbisyo sa Sa ilalim ng SCRA?

- Isinasaad ng SCRA na ang natamong utang ng miyembro ng serbisyo, o miyembro ng serbisyo at asawa nang magkasama, bago ng pagpasok sa serbisyo militar ay dapat hindi magkakaroon ng interes sa sa itaas 6% sa panahon ng serbisyong militar at isang taon pagkatapos noon, sa kaso ng isang obligasyon o pananagutan na binubuo ng sangla, trust deed, o iba pa seguridad sa kalikasan ng isang sangla, o sa panahon ng serbisyong militar sa kaso ng anumang iba pang obligasyon o pananagutan.
- Isinasaad ng SCRA na sa isang ligal na aksyon na ipatupad ang utang laban sa ari-ariang lupa at sakop nito na isinampa sa, o sa loob ng isang taon pagkatapos ng serbisyo militar ng miyembro ng serbisyo, maaaring ihinto ng korte ang paglilitis sa loob ng isang panahon, o ayusin ang utang. Bilang karagdagan, ang pagbebenta, pagreremata, o pagkumpika ng ari-ariang lupa at sakop nito ay hindi magiging balido kung ito ay nasa loob ng isang taon pagkatapos ang ng serbisyong militar ng miyembro ng serbisyo maliban kung ang pinagkakautangan may nakuha na balidong utos ng hukuman na nag-aapruba sa pagbebenta, pagreremata, o pagkumpiska ng ari-ariang lupa at sakop nito.
- Naglalaman ang SCRA ng maraming iba pa na mga proteksyon bukod sa mga naaangkop sa mga pautang sa tahanan.

Paano Hihiling ng Kaluwagan ang Isang Miyembro ng Serbisyo o Dependent sa Ilalim ang SCRA?

- Upang humiling ng kaluwagan sa ilalim ng SCRA mula sa mga pautang na may mga interes na mahigit sa 6% ang isang miyembro ng serbisyo o asawa ay dapat magbigay ng nakasulat na kahilingan sa lender, kasama ng kopya ng mga military order ng miyembro ng serbisyo. [Tandaan: Dapat ilagay ng lender ang kanyang pangalan, address, at impormasyon sa pakikipag-ugnayan dito.]
- Walang kinakailangan sa ilalim ng SCRA, gayunpaman, para sa isang miyembro ng serbisyo na magbigay ng nakasulat na paunawa o isang kopya ng mga utos ng militar ng miyembro ng serbisyo sa lender kaugnay ng pagreremata o iba pang aksyon sa pagpapatupad ng utang laban sa ari-ariang lupa at sakop nito. Sa ilalim ng mga pangyayaring ito, dapat magtanong ang mg alender tungkol sa katayuang militar ng isang tao sa pamamagitan ng paghahanap sa website ng Department of Defense's Defense Manpower Data Center, pakikipag-ugnayan sa miyembro ng serbisyo, at pagsusuri ng kanilang mga file para sa indikasyon ng serbisyo militar. Bagama't walang kinakailangan para sa mga miyembro ng serbisyo na abisuhan ang lender ng kanilang katayuang militar sa mga pangyayaring ito, magandang ideya pa rin na gawin ito ng miyembro ng serbisyo.

Paano Kumukuha ng Impormasyon ang Miyembro ng Serbisyo o Dependent ng Impormasyon Tungkol sa SCRA?

- Ang mga miyembro ng serbisyo at dependent na may mga tanong tungkol sa SCRA ay dapat makipag-ugnayan sa Judge Advocate ng kanilang yunit, o kanilang Legal Assistance Officer ng pag-install. Ang locator ng legal assistance office ng militar para sa lahat ng sangay ng Sandatahang Lakas ay available sa https://legalassistance.law.af.mil/
- Ang "Military OneSource" ay mapagkukunan ng impormasyon ng Kagawaran ng Depensa ng U.S. Kung ikaw ay nakalista bilang may karapatan sa mga ligal na proteksyon sa ilalim ng SCRA (tingnan sa itaas), mangyaring pumunta sa www.militaryonesource.mil/legal o tumawag sa (800) 342-9647 (libre mula sa Estados Unidos) para maghanap ng karagdagang impormasyon. Mga tagubilin sa pag-dial para sa ibinigay sa website ang mga lugar sa labas ng Estados Unidos.